## Iwasan ang Pila at Makatipid ng Oras!

Ang Drop & Go ay mahusay na paraan pra sa consumer na i-drop off ang kanilang mga lalagyan ng inumin na ire-recycle at di na kailangang pumila!

Ang mga staff ng SARCAN ay bibilangin ang mga mga lalagyan ng inumin pagkaalis mo sa depot. At higit sa lahat... babayaran ka pa rin upang i-recycle ang iyong mga lalagyan ng inumin sa SARCAN!

## Makatanggap ng bayad!

Masaya naming ibinabalita na may 2 paraan para makatanggap ng bayad sa mga ni-recycle mo gamit ang Drop & Go:

- Sa pamamagitan ng Interac e-Transfer na papadala sa iyong email address.
- Bumalik sa depot at kunin ang iyong tseke.

Karaniwang tumatagal ng 3 hanggang 5 araw ng negosyo upang mabilang, maproseso, at maipadala ang iyo ang bayad. Ang Drop & Go ay di nagbabayad ng cash.

## Saan ka maaring mag-drop?

Lahat ng 73 SARCAN depots sa buong Saskatchewan ay tumatanggap ng ire-recycle gamit ang Drop & Go. Para sa kumpletong listahan ng mga SARCAN depot at malaman ang kanilang mga oras ng operasyon bisitahin ang aming website.

**sarcan.ca**

## Sino ang dapat gumamit ng Drop & Go?


- Ang Drop & Go ay para sa lahat na ayaw mag-antay sa pila!
- Mga kawanggawa at organisasyon gaya ng mga sports team, grad committee, service group, o nag-organisa ng bottle drive ay gumagamit ng Drop & Go para mag-host ng isang province-wide bottle drive.

## Magrecycle na parang Boss:

- Bago umalis ng bahay, Ibukod ang mga babasagin sa iyong mga recycle pra mas mabilis ang drop off.
- Ang bawat depot ay may mga kahon o crates na magagamit para ibukod ang mga babasagin, kung wala kang mga karton sa iyong bahay o opisina.
- Gusto mo ng mabilis ang iyong pagbabayad? Piliin ang Interac e-Transfer para sa pinakamabilis na posibleng pagbabayad, at tiyaking i-on mo ang auto-deposit.
- Tingnan ang aming website bago bumisita upang machek ang aming mga oras at tiyaking bukas ang Drop & Go sa iyong depot.

**SALAMAT SA PAG-RECYCLE SA SARCAN!**

# MY DROP & GO



# HUWAG PUMILA!

## GAMITIN ANG SARCAN

SARCAN RECYCLING

Pananagutan sa lipunan

Pagpapanatili ng Kapaligiran

Pagbuo ng Komunidad

SARCAN RECYCLING

MY DROP & GO

**SCAN**
UPANG MANOOD NG MGA TAGUBILIN SA VIDEO

# Paano ang Drop & Go:

**1**

Mag-sign up para sa isang Drop & Go account online bago ka bumisita.

**2**

Ibukod ang iyong ire-recycle sa bahay.

- Ilagay ang lahat ng babasagin sa kahon.
- Ilagay ang lahat ng hindi babasagin sa plastic bag.
- Alisin ang lahat ng takip.

**3**

Bisitahin ang iyong lokal na SARCAN depot at mag-log in sa iyong account sa Depot's Drop & Go kiosk.

**4**

Mag-print ng isang label para sa bawat bag at kahon, ilagay ang label at I-drop off ang iyong mga recycle sa aming staff.

**5**

Maari na umalis sa depot at hintayin ang iyong bayad, na karaniwang tumatagal sa pagitan ng 3 at 5 araw ng negosyo.

## Bakit kailangan ibukod ang mga babasagin?

Ang mga babasaging bote na ibinalik gamit ang plastic bag ay maaaring masira at lumikha ng panganib sa kaligtasan para sa aming mga recycler staff. Hindi makakatanggap ang mga customer ng refund ng deposito para sa mga lalagyan kapag ang mga ito ay nabasag sa Drop & Go system. Kaya ang mga babasagin ay dapat ibalik gamit ang karton at hindi sa mga plastic bag.

## Paano kung hindi ko tanggalin ang mga takip?

Hindi makakatanggap ang mga customer ng refund ng deposito para sa mga lalagyan na ibinalik na may takip. Ang halaga ng deposito ng lahat ng mga lalagyan na may mga takip ay ido-donate sa Telemiracle, ito ang napiling corporate fundraiser ng SARCAN.

## Gustong mo bang mag-host ng Virtual Bottle Drive?

Maraming grupo ang gumagamit ng Drop & Go para mag-host ng mga virtual fundraiser. Gumamit ng isang grupong Drop & Go account at ibahagi ang "group phrase" sa iyong mga tagasuporta na ibigay ang kanilang mga refund ng deposito sa iyong fundraiser. Bisitahin ang aming website para sa dagdag na impormasyon kung paano mag-host ng virtual bottle drive.